
2

# MTB-MLE

## Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagtukoy at Paggamit ng Pang-uri sa Pangungusap




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**MTB-MLE – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagtukoy at Paggamit ng Pang-uri sa Pangungusap**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Daisy R. Angulo |
| **Editor:** | Marie Ann C. Ligsay,PhD |
| | Ma. Lilybeth M. Bacolor,EdD |
| | Blesilda D. Fontanilla EdD |
| | Ann Yap |
| **Tagasuri:** | Mary Claire Esguera |
| | Rhona Liza Echaluse |
| **Tagaguhit/Tagalapat:** | Arjay S. Fariñas |
| **Tagapamahala:** | Nicholas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Manolito B. Basilio EdD |
| | Garry M. Achacoso |
| | Rachelle C. Diviva |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III**
Office Address: Matalino St., Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# MTB-MLE

## Ikaapat na Markahan- Modyul 2
## Pagtukoy at Paggamit
## ng Pang-uri sa Pangungusap

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang MTB-MLE 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pagtukoy at Paggamit ng Pang-uri sa Pangungusap!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

### *Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Ipasagot sa mag-aaral ang paunang pagsusulit. Ipagpatuloy lamang ang mga Gawain kung hindi nasagot nang tama ang lahat.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa MTB-MLE 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa Pagtukoy at Paggamit ng Pang-uri sa Pangungusap Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |

| | |
|---|---|
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |

| | |
|---|---|
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# Alamin

Ang mga nakaaaliw na mga gawain sa modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang matutunan at matukoy ang mga salitang naglalarawan sa bilang, dami, laki, hugis at kulay.


Ang mga salitang ito ay mahalaga sa iyong pakikipag-usap. Magagamit mo ito sa paglalarawan ng mga pangngalan.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakapagbibigay kahulugan ng pang-uri
2. natutukoy ang mga pang-uring naglalarawan ng bilang, dami, laki, hugis at kulay; at
3. nagagamit ang mga pang-uri sa pangungusap.

(MT2GA-IVa-2.4.1)

## *Subukin*



Panuto: Piliin ang mga pang-uri at isulat ang bilang na nagtataglay ng tamang sagot sa sagutang papel.

Halimbawa:

Mababa ang puno ng papaya.
1 2 3

Sagot: 1

1) Malalaki ang mga bunga nito.
1 2 3

2) Ang mga bunga ay hugis bombilya.
1 2 3

3) Kulay dilaw ang papaya kapag hinog na.
1 2 3


4) Pumitas ako ng dalawa.
1 2 3

5) Ang berdeng papaya ay gugulayin ni nanay.
1 2 3


| |
|---|
| Para sa Tagapagpadaloy: Ipasagot sa mag-aaral ang paunang pagsusulit. Ipagpatuloy lamang ang mga gawain kung hindi nasagot nang tama ang lahat. |

# *Balikan*

Panuto: Aling salita ang naglalarawan sa mga bagay? Isulat ang letra ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. 


   a. pula   b. asul   c. dilaw   d. lila

2. 


   a. maikli   b. mahaba   c. maliit   d. malaki

3. 

   a. mainit   b. tunaw   c. matigas   d. malamig

4. 

   a. parihaba   b. biluhaba   c. bilog   d. tatsulok

5. 

   a. kaunti   b. lilima   c. marami   d. kalahati


# Aralin 1

# Pagtukoy at Paggamit ng Pang-uri sa Pangungusap

Ano-ano ang mga alaga ninyong hayop at tanim na gulay sa inyong bakuran?

Alamin natin sa tula ang mga mabubuting dulot ng pagkakaroon ng mga alagang hayop at halaman sa bakuran.

Basahin ang tula at bigyang pansin ang mga salitang naglalarawan na may salungguhit.



## *Tuklasin*

### Walang Problema sa Pagkain

Ni: Daisy R. Angulo

May alaga akong sampung manok na pula.
Tuwing umaga bigay nila'y mga itlog na biluhaba.
Mayroon din akong dalawang baboy na matataba,
Lagi kong pinakakain upang agad mabenta.

Maraming gulay ang tanim ni ama,
Mapupulang kamatis, kahel na kalabasa,
Berdeng dahon ng saluyot at malunggay.
Sabi ni Inay, "Pagkaing pampahaba ng buhay."

Mayroon din kaming isang malaking baka,
Kaya sa sariwang gatas kami ay sagana.
Kaunti man ang aming pera kami ay masaya,
Sapagkat sa pagkain wala kaming problema.

*Sagutin ang mga tanong:*

1. Ano-ano ang mga alagang hayop ng bata?
2. Ilan ang tanim nilang gulay?
3. May mabuti bang naidulot ang pag-aalaga nila ng mga hayop at pagtatanim ng halaman sa kanilang bakuran?

4. Katulad din ba ng lugar mo ang kinaroroonan ng bata sa tula? Ipaliwanag ang pagkakatulad at pagkakaiba ng iyong lugar.
5. Ano ang katangian ng batang sumulat ng tula?

## *Suriin*

***Paalala sa Guro/Tagapagpadaloy***

*Mas mainam na gumamit ng mga tunay na bagay upang ilarawan ang hugis, kulay, bilang, dami at laki ng mga pangngalan. Higit na mauunawaan ng mga bata ang aralin kung ang inilalarawang bagay ay kanilang nakikita at nahahawakan.*

Pag-aralan ang talaan.

| Pang-uri | Pangngalan |
|---|---|
| pula | manok |
| biluhaba | itlog |
| dalawa | baboy |
| marami | gulay |
| malaki | baka |

Ang mga pang-uri sa unang hanay ay mga salitang naglalarawan sa mga pangngalan na nasa pangalawang hanay.

Inilalarawan ng pang-uri ang tao, bagay, hayop, pook o lugar o ang tinatawag nating mga <u>pangngalan</u>.

May mga pang-uring naglalarawan sa bilang, dami, laki, hugis at kulay ng pangngalan.

Halimbawa:

Ang **pula** ay salitang naglalarawan sa kulay ng manok.

Narito ang mga pang-uring may salungguhit na ginamit sa tula.

| Bilang | Dami | Laki | Hugis | Kulay |
|---|---|---|---|---|
| sampu | marami | mataba | biluhaba | pula |
| dalawa | kaunti | malaki | | dilaw |
| isa | | | | berde |
| | | | | kahel |

Ito ang iba pang halimbawa ng mga pang-uri na naglalarawan sa bilang, dami, laki, hugis at kulay. Maaari mong dagdagan ang nasa talaan.

| Bilang | Dami | Laki | Hugis | Kulay |
|---|---|---|---|---|
| walo | kaunti | mahaba | tatsulok | lila |
| dalawampu | kalahati | maikli | parisukat | itim |
| labing-isa | puno | malaki | hugis puso | rosas |
| isandaan | marami | payat | parihaba | kayumanggi |
| apatnapu't lima | katamtaman | mataba | biluhaba | ube |

# *Pagyamanin*

A. Panuto: Isulat ang mga salitang naglalarawan sa iyong papel.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| isandaan | ibon | suha | aso | asul |
| palengke | dagat | manika | mataba | damit |
| aklat | bilog | katamtaman | bahay | Victor |

B. Panuto: Basahin ang mga bugtong. Unang isulat ang mga pang-uring ginamit, kasunod ang salitang inilalarawan. Magiging gabay mo ang mga larawan sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa iyong papel.

Halimbawa:

Mataas kung nakaupo mababa kung nakatayo.

_______________, _____________ - ___ ___ ___

Sagot:

Mataas, mababa – a s o

1. Hugis puso, kulay ginto.

   ______________, ___________ - ___ ___ ___ ___ ___ ___

2. Maliit pa si Nene, marunong nang manahi.

   _____________________ - ___ ___ ___ ___ ___ ___ ___

3. Dalawang batong itim, malayo ang nararating.


   _________________, ______________ - ___ ___ ___ ___

4. Malaking supot ni Mang Jacob, kung sisidlan ay pataob.

___________________ - ___ ___ ___ ___ ___ ___ ___


5. Isang prinsesa nakaupo sa dilaw na tasa.

___________,_____________ - ___ ___ ___ ___ ___



C. Panuto: Isulat sa papel ang tamang pang-uri ng bilang, dami, laki, hugis at kulay upang mabuo ang pangungusap.

Halimbawa:



Lumalangoy ang ___________ na bibe sa sapa.

(isa, tatlo, apat, dalawa)

Sagot: apat

1. 

_________________ ang kahon na pinaglagyan ni Tito Mon ng aking regalo.


(Bilog, Parisukat, Tatsulok, Hugis puso)

2. 

Karamihan sa mga Plipino ay kulay ___________.
(pula, puti, itim, kayumanggi)

3. 

Kulay ___________ ang gagamitin kong pangkulay sa dahon. (berde, asul, pula, itim)

4. 

___________ ang prutas na nasa basket.
(Kakaunti, Marami, Dadalawa, Lima)

5. 

________ ang kandila sa keyk.
(Pito, Walo, Siyam, Anim)

D. Panuto: Kopyahin ang mga salita sa Hanay A at Hanay B sa iyong papel. Pagdugtungin sa pamamagitan ng guhit ang pangngalan sa Hanay A sa angkop na pang-uri sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. bukid | A. matangkad |
| 2. daliri | B. malawak |
| 3. kanin | C. tatsulok |
| 4. kuya | D. maputi |
| 5. apa | E. sampu |


E. Panuto: Piliin ang angkop na pang-uri para sa larawan. Isulat ang letra ng wastong sagot sa iyong papel.

1. 


A. malaki   B. makapal   C. maliit   D. mataba

2. 


A. biluhaba   B. tatsulok   C. bilog   D. parisukat

3. 

A. sampu   B. anim   C. siyam   D. lima

4. 

A. puno   B. kalahati   C. walang laman   D. umaapaw


5. 

A. dilaw   B. itim   C. lila   D. puti

F. Panuto: Sa iyong papel, sumulat ng pangungusap gamit ang salitang naglalarawan sa bilang, dami, laki, hugis at kulay.

- Paalala: Tingnan ang mga panuntunan sa pagsulat ng pangungusap sa pahina 18.

Halimbawa:



Ilarawan ang **hugis** ng watawat


Sagot: <u>Parihaba ang watawat.</u>

1. 

Ilarawan ang **dami** ng kanin sa plato.

________________________________________


2.



Ilarawan ang **kulay** ng mga bangka.

__________________________________________

3.



Ilarawan ang **bilang** ng lapis.

__________________________________________


4.



Ilarawan ang **laki** ng damit na suot ni Fatima.

______________________________________

5.



Ilarawan ang **hugis** ng tinapay.

__________________________________________

G. Panuto: Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang tsek (✓) sa sagutang papel kung ang pangungusap ay nagtataglay ng salitang naglalarawan ng bilang, dami, laki, hugis at kulay. Isulat ang ekis (x) kung ang pangungusap ay walang salitang naglalarawan.

___1. Pula, bughaw at puti ang mga kulay ng watawat.

___2. May hugis itong parihaba.

___3. Mayroon itong tatlong bituin.

___4. Si Marcela de Agoncillo ang nanahi ng kauna-unahang watawat.

___5. Ngayon, marami na tayong makikitang malalaki at maliliit na watawat ng Pilipinas.


H. Panuto: Sumulat ng mga pangungusap sa iyong papel tungkol sa larawan gamit ang mga ibinigay na pang-uri**.**

- Paalala: Tingnan ang mga panuntunan sa pagsulat ng pangungusap sa huling pahina.

Halimbawa:

(laki ng mga laruang de gulong)

<u>Maliit ang laruang de gulong.</u>



1. (dami ng laruan)
2. (bilang ng laruang robot)
3. (kulay ng mga bola)
4. (hugis ng kahong lalagyan ng laruan)
5. (laki ng kama)



## *Isaisip*

Panuto: Punan ang mga patlang ng tamang sagot. Ang unang letra ng sagot ang iyong magiging gabay.


Ang p______________ ay mga salitang naglalarawan sa pangngalan.

Inilalarawan nito ang b_________, dami, l_________, h__________, at k__________ ng tao, bagay, pook at hayop.

## *Isagawa*

A. Panuto: Buoin ang palaisipan gamit ang mga salitang naglalarawan. Isulat ang iyong sagot sa papel.

1. Hugis _________ ang simbolo ng bundok.
2. ___________ ang nakukuhang isda at iba pang yamang tubig sa ating mga dagat at ilog.
3. Mas ________ ang burol kaysa sa bundok.
4. Katapangan ang ibig sabihin ng kulay _______ sa ating watawat.
5. ________ ang bilang ng malalaking pangunahing mga pulo sa Pilipinas.



# Tayahin

Panuto: Punan ang patlang ng angkop na pang-uri upang mabuo ang kuwento. Isulat ang maikling kuwento sa papel.



Pangarap kong Bahay

Paglaki ko gusto ko ng bahay na (1)____________.
(laki)
Ang pintura ng bahay ko ay (2) ______. Sa kusina ay may
(kulay)
(3)__________ na mesa, na may (4)_________ na upuan.
(hugis) (bilang)
Sa gitna ng mesa ay may basket na (5)__________ prutas.
(dami)
Hayyy, ang sarap mangarap.

# *Karagdagang Gawain*

Panuto: Iguhit at kulayan ang sumusunod. Sumulat ng pangungusap gamit ang mga pang-uri sa iyong papel.

Halimbawa: Unan (hugis)

Sagot:  Parihaba ang unan ko.

1. puno (laki)
2. orasan (hugis)
3. kahoy (kulay)
4. paa ng aso (bilang)
5. bituin sa langit (dami)

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin: | |
|---|---|
| 1. | 1 |
| 2. | 3 |
| 3. | 2 |
| 4. | 3 |
| 5. | 1 |

| Balikan | |
|---|---|
| 1. | C |
| 2. | B |
| 3. | D |
| 4. | C |
| 5. | C |

PAGYAMANIN

A 1. Isandaan
2. bilog
3. katamtaman
4. mataba
5. asul

(maaaring magkapalit-palit ng kinalalagyang bilang ang mga sagot ng bata)

B.1. hugis puso, kulay ginto- mangga
2. maliit-gagamba
3. dalawa, itim- mata
4. Malaki- kulambo
5. Isa, dilaw- kasoy

**C.** 1. Parisukat
2. Kayumanggi
3. Berde
4. marami
5. pito

**D.** (gumamit ng guhit ang mga bata)

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. (B) bukid | A. matangkad |
| 2. (E) daliri | B. malawak |
| 3. (D) kanin | C. tatsulok |
| 4. (A) kuya | D. maputi |
| 5. (C) apa | E. sampu |

E. 1. C
2. C
3. C
4. B
5. B

F. (Magkakaiba ang sagot ng mga bata. Gamitin ang pamantayan sa p. 18 sa pagwawasto.)

1. Kakaunti ang puno sa bundok.
2. Asul at dilaw ang kulay ng bangka.
3. Lima ang lapis ni Peter.
4. Malaki o Maluwag ang damit ni Fatima.
5. Biluhaba ang tinapay.

G. _/_ 1.
_/_ 2.
_/_ 3.
_x_ 4.
_/_ 5.

H. (Pagsulat ng pangungusap

1. Marami ang laruan.
2. Dalawa ang laruang robot.
3. Kulay dilaw at pula ang mga bola.
4. Hugis parisukat ang kahon
5. Malaki ang kama.

ISAGAWA

A.1. tattsulok
2. marami
3. mababa
4. pula
5. tatlo

B. (Magkakaiba ang sagot ng mga bata. Gamitin ang pamantayan sa p. 18 sa pagwawasto.)

TAYAHIN

(Iba-iba ang sagot ng mga bata)

Pangarap kong Bahay

Paglaki ko gusto ko ng bahay na (1)_______.
(laki)
Ang pintura ng bahay ko ay (2) ______. Sa kusina
(kulay)
ay may (3)__________ na
(hugis)
mesa, na may (4)______na
(bilang)
upuan.
Sa gitna ng mesa ay may basket na (5)_______
(dami)
prutas.
Hayyy, ang sarap mangarap.

## Mga Panuntunan sa Pagsulat ng Pangungusap

1. Gumamit ng malaking letra sa simula ng pangungusap.
2. Gumamit ng tamang bantas sa hulihan ng pangungusap.
3. Tama ang ginamit na pang-uri batay sa larawan o pangngalan.
4. Tama ang istraktura ng pangungusap.
5. Malinis at maayos ang pagkakasulat.

## Rubriks sa Pagwawasto ng Pangungusap

| 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|
| Nasunod lahat ang panuntunan sa pagsulat ng pangungusap. | May isang hindi nasunod sa panuntunan. | May dalawang hindi nasunod sa panuntunan. | May tatlong hindi nasunod sa panuntunan. | Isa lang ang nasunod sa panuntunan. |

# *Sanggunian*


Belsondra, Jonalyn. "Pang-Uri (Adjective) | Adjectives, Adjective Worksheet, Uri". Pinterest, 2019. https://www.pinterest.ph/pin/792703971890395034/.

Ghaz, Sandy. "ANO ANG PANG-URI - Kahulugan, Halimbawa ng Pang-Uri". Philippine News, 2018. https://philnews.ph/2018/12/20/ano-ang-pang-uri-kahulugan-halimbawa-pang-uri/.

Hornedo, Florentino. "Ang Bugtong sa Panulaang Tradisyon - Panitikan.Ph". Panitikan.Ph, 2014. http://panitikan.ph/2014/06/23/ang-bugtong-sa-panulaang-tradisyon/.

Lloydi, Baloydi. "Ano ang Bugtong at mga Halimbawa Nito | Filipino Tagalog". myph.com.ph, 2010. https://www.myph.com.ph/2010/01/bugtong.html#.XzqSq-gzY2w.

Morphez, Jenylyn. "K to 12 Curriculum Guide ENGLISH". Academia.Edu, 2019. https://www.academia.edu/25170923/K_to_12_Curriculum_Guide_ENGLISH.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph